| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | IV |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | MARCH 17-21, 2025 (WEEK 6) | Markahan at Linggo: | Ika-apat na Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagka-Pilipino, karapatan, at tungkulin tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapaglulunsad ng mga gawaing kumikilala at nagsusulong sa karapatan, tungkulin, at pagkakakilanlang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Mga Kasanayan<br>1. Natatalakay ang konsepto ng karapatang panlipunan at pangkabuhayan<br>2. Natutukoy ang mga tungkulin ng karapatang panlipunan at pangkabuhayan<br>3. Naisasabalikat ang mga tungkulin kumikilala at nagsusulong sa karapatan, tungkulin, at pagkakakilanlang Pilipino |
| **D. Nilalaman** | a. Karapatang Panlipunan at Pangkabuhayan<br>b. Mga Kaakibat na Tungkulin |
| **E. Integrasyon** | -Convention on the Rights of the Child (CRC)<br>-Social Responsibilities<br>-Financial Literacy<br>-Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Adriano et.al. (2015). Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral, Pilipinas: Vibal Group Inc.

Bureau of Treasury (2024). https://filiapp.treasury.gov.ph/importance.html

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-Aral.**<br>**Gawain 1. Pagtapatin (#Matching Type)**<br>**Panuto:** Pagtapatin ang mga pahayag sa hanay B sa mga pahayag na hinihingi sa hanay A.<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal).** | Sa bahaging ito ng gawain, maaari pang magbigay ng iba pang gawain upang mas madaling maproseso ng mga mag-aaral ang mga konsepto ng aralin.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. A<br>2. B<br>3. E<br>4. D<br>5. C<br><br>Ang gawaing ito ay inaasahang magagawa sa loob ng dalawang linggo.<br><br>Ang pagsagot sa maikling balik-aral ay inaasahang gagawin sa pag-uumpisa ng araw na pagtalakay ng aralin.<br><br>Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan ibahin o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral *(kontekstuwalisasyon).* |

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. Tungkulin ng mga mamamayan na ipahayag ang saloobin mula sa mga ipinapatulad ng gobyerno. | A. Karapatang magpetisyon |
| 2. Tungkulin ng mga mamamayan na malayang makapagpahayag ng opinion sat ama at maayos na paraan. Maari rin maglibang at magtipon tipon na walang nalalag na batas | B. Kalayaang magsalita, maglimbag, at magtipon-tipon |
| 3. Ang mga mamamayan ay maaring bumuo ng mga samahan na may adhikain na magpapaunlad sa kanilang organisasyon na walang nilalabag na batas. | C. Karapatang alamin ang ukol sa pamahalaan |
| 4. Ang mga mamamayan ay kabahagi sa mga programa ng pamahalaan, kaya't tungkulin nito na tumulong at maging kabahagi sa pagpapatupad ng mga magagandang hangarin at hindi upang makadagdag sa problema nito. | D. Karapatang gumanap ng tungkuling pampubliko |
| 5. Tungkulin ng mga mamamayan na alamin ang mga tungkol sa pamahalaan, ang mga batas at programa nito, maging kung saan napupunta ang kaban ng bayan. | E. Karapatang bumuo ng samahang hindi labag sa batas |


| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>1. Ano ang karapatang panlipunan at pangkabuhayan?<br>2. Sa paanong paraan nagagawa ng mga mamamayan ang mga tungkulin upang makamit ang karapatang panlipunan at pangkabuhayan?<br>3. Paano mo mapahahalagahan ang mga karapatang panlipunan at pangkabuhayan na mayroon ka at ang iyong pamilya?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin** | Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan ibahin o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral *(kontekstuwalisasyon).* |

| | | |
|---|---|---|
| | **Gawain 2. Jumbled Letters (#Ayusin Mo Ako!)**<br>Panuto: Basahin at isaayos ang mga jumbled letters sa ibaba upang mabuo ang mga salita na naglalarawan sa araling ito. Gawing gabay ang mga pangungusap sa tapat nito.<br><br>1. NAPLPIUNNA - ang mga usaping panlipunan ay mga bagay na may kinalaman sa lipunan o mga katangian ng lipunan na nagbibigay-pansin sa interes ng publiko.<br><br>2. APNGKBAUHAAYN – tumutukoy sa pinagkakakitaan o trabaho.<br><br>3. KMOUNKIASYNO – tumutukoy sa pagpapahayag o pagbibigay ng impormasyon sa mabisang paraan.<br><br>4. ERLHIIOYN – tumutukoy ito sa isang sistema na may relihiyosong mga saloobin, paniniwala at gawain.<br><br>5. EUDKAYSNO – ito ay isang proseso na nagpapadali sa pagkatuto, o pagtatamo ng kaalaman, kasanayan, prinsipyo, moralidad, paniniwala, at gawi. | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. PANLIPUNAN<br>2. PANGKABUHAYAN<br>3. KOMUNIKASYON<br>4. RELIHIYON<br>5. EDUKASYON |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: ANG MGA KARAPATANG PANLIPUNAN AT PANGKABUHAYAN**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa** | Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan na gumamit ng ibang pamamaraan upang mas magiging maunawaan para sa mga |

| | | |
|---|---|---|
| | **Ang Karapatang Panlipunan**<br><br>Ang mga **karapatang panlipunan** ay nakatutulong sa pangangalaga ng kapakanang panlipunan ng mga mamamayan. Kabilang sa mga karapatang panlipunan ang mga sumusunod:<br><br>**KARAPATANG PANLIPUNAN**<br>- Karattpatang pumili ng relihiyon<br>- Karapatang maglakbay<br>- Karapatan sa lihim na komunikasyon<br><br>**Ang Karapatang Pangkabuhayan**<br><br>Ang karapatang pangkabuhayan ay tumutulong sa pangangalaga sa kapakanan ng kabuhayan o ekonomiya ng bawat mamamayan. Ang mga sumusunod na karapatan ay kabilang sa karapatang pangkabuhayan:<br><br>- Karapatang pumili ng propesyon o hanapbuhay<br>- Karapatang makinabang sa mga likas na yaman<br>- Karapatan sa edukasyon<br>- Karapatang maging ligtas sa maruming kapaligiran at pagawaan<br>- Karapatang bayaran nang wasto sa pribadong ari-arian na ginamit ng pamahalaan<br>- Karapatan sa pagmamay-ari. | mag-aaral<br>*(kontekstuwalisasyon).*<br><br>Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan na gumamit ng ibang pamamaraan upang mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral<br>*(kontekstuwalisasyon).* |

| | | |
|---|---|---|
| | **Financial Literacy (#Integration)** | |

Ito ay ang kaalaman at husay ng isang tao pagdating sa buhay-pinansyal o tamang paghawak ng pera. Kasama rito ang pag-unawa at aplikasyon sa buhay ng tamang pag-iipon, paggastos, pagbabadyet, at pag-*iinvest* para lumago ang pera at kayamanan.




**IKALAWANG ARAW**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 3. Panlipunan o Pangkabuhayan (#Which is Which)**

**Panuto:** Isulat ang **KPL** kung ang tinutukoy ng pangungusap ay Karapatang Panlipunan at isulat naman ang **KPB** kung karapatang pangkabuhayan naman ang tinutukoy.


1. Pinili ni Edwin na makapagtapos ng pag-aaral sa kabila ng kahirapan.
2. Si G. Santos ay pinapanatiling malinis ang kapaligiran sa pamamagitan ng pagtatapon ng basura sa tamang tapunan.
3. Binayaran ng pamahalaan ang nabiling bakanteng lote malapit sa barangay hall upang gawing covered court.
4. Nagpabaptismo si Alfred sa relihiyon na matagal na niyang nais.
5. Si Gng. Santos ay nagbakasyon sa Boracay noong nakaraang tag-araw.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 4. Financial Literacy (#Wasto o Di-Wasto)**

**Mga Tamang Sagot:**

1. KPB
2. KPB
3. KPB
4. KPL
5. KPL

| | | |
|---|---|---|
| | **Panuto:** Isulat ang salitang **THUMBS UP** kung wasto ang isinasaad sa pangungusap at isulat naman ang **THUMBS DOWN** kung hindi wasto ang isinasaad sa pangungusap.<br><br>1. Ibinabawas ni G. Santos ang 20% sa kanya sahod upang ilagay sa kanyang ipon (o savings).<br>2. Araw-araw bumibili si Mike ng *milk tea* upang ipagmalaki sa mga kaibigan kahit sila ay nagmula sa mahirap na pamilya.<br>3. Nag-iimpok si John ng pera sa kanyang alkansya.<br>4. Ang pag-iipon ng salapi ay makakatulong sa mga oras na tayo ay may biglaang pangangailangan.<br>5. Kakasahod pa lamang ni Jun ngunit naubos agad ito dahil sa kanyang mga biniling bagong damit.<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: MGA KAAKIBAT NA TUNGKULIN**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang bawat karapatan na tinatamasa ng bawat mamamayan ay may kaugnay na tungkulin na dapat gampanan. Ilan sa mga tungkulin ng isang mamamayan ay ang pagmamahal sa bayan, pagtatanggol sa bansa, pagsunod sa mga batas, paggalang sa watawat at mga namumuno, pakikipagtulungan sa pamahalaan at paggalang ng karapatan ng iba.Ang bawat mamamayan ay may karapatang pinangangalagaan ng ating mga batas. Mahalaga mo ring maunawaan na may hangganan ang mga karapatang ito at maymga tungkulin din tayong dapat tuparin para sa sarili, kapuwa at sa bansa. Dapat na maging responsable ang lahat ng mga mamamayan upang mapabuti at mapanatiling matiwasay ang pamayanan. Makatutulong din ang pagiging mapanagutan ng mga mamamayan sa pag-unlad ng ating bansa.<br><br> | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. THUMBS UP<br>2. THUMBS DOWN<br>3. THUMBS UP<br>4. THUMBS UP<br>5. THUMBS DOWN<br><br>Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan na gumamit ng ibang pamamaraan upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral *(kontekstuwalisasyon).* |

**Tungkulin sa bayan/bansa**

-Tungkulin ng bawat isa na maging tapat sa bayan at pangalagaan ang kapakanan nito.
-Tungkulin ng bawat mamamayang Pilipino na ipagtanggol ang bansa.

| | | |
|---|---|---|
| | **Tungkulin sa pamahalaan**<br>Tungkulin ng mamamayan na makipagtulungan sa mga programa at proyekto ng pamahalaan upang makamit ang pagunlad<br><br>**Tungkulin sa iba/kapwa**<br>-Tungkulin nating igalang ang karapatan ng iba.<br>- Tungkulin nating hindi gumawa ng mga bagay na makasisira sa kapayapaan at kaligayahan ng ating kapuwa.<br><br>**Tungkulin sa sarili**<br>-Tungkulin nating alagaan ang ating sarili.<br>-Tungkuling paunlarin ang ating buhay at pag-aaral<br><br>**Tungkulin sa Diyos**<br>-Tungkulin ng bawat isa na magpakita ng pagmamahal at pananampalataya sa Puong Maykapal<br>-Tungkuling sumunod sa mga alituntunin ng inanibang relihiyon | |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKATLONG ARAW**<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Gawain 4. KAAKIBAT NA TUNGKULIN (#Ano kaya ang mga ito?)**<br>**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang mga kaakibat na tungkulin sa mga sumusunod na kalagayan.<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Gawain 5. Tungkulin Ko Sa Bayan Ko! (#Social Responsibilities)**<br>**Panuto:** Lagyan ng check ✓ kung ang tinutukoy sa pangungusap ay nagpapakita ng tungkulin sa lipunan at ekis ✗ naman kung hindi. | Susi sa pagwawasto.<br>(May kalayaan ang guro na magbigay puntos sa bahaging ito)<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. ✓<br>2. ✓<br>3. ✓<br>4. ✓<br>5. ✓ |

| **Kalagayan** | **Kaakibat na Tungkulin** |
|---|---|
| 1. Nag-aaral si Marvin at nasa Baitang 4 na siya ngayon. | |
| 2. Si Alfred ay nahalal bilang Sangguniang Kabataan Chairman. | |
| 3. Ang paligid ng paaralan ay maraming basura. | |
| 4. Sina John and Maria ay nakabili ng bagong bahay at lupa. | |
| 5. Si Maricel ay sinabihan ng sikreto ng kanyang kapatid. | |

| **Sitwasyon** | **Social Responsibilities** |
|---|---|
| 1. Tumutulong ang paaralan sa *clean and green program* ng barangay. | |
| 2. Ang pamilya nina Melvin ay naghihiwalay ng mga basura na nabubulok at hindi nabubulok na basura. | |
| 3. Hindi hinahayaan ni Aling Maria na maging marumi ang kanilang tapat kaya't lagi siyang nagwawalis at naglilinis dito. | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |

| D. Paglalahat | IKAAPAT NA ARAW<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Bilang isang mag-aaral, paano mo naisasabalikat ang mga tungkuling kumikilala sa karapatang panlipunan at karapatang pangkabuhayan?<br>________________________________________<br>________________________________________ | Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan na gumamit ng ibang pamamaraan upang mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral *(kontekstuwalisasyon).* |
|---|---|---|

| | |
|---|---|
| 4. Tinulungan ni Miko ang matanda na nahihirapan tumawid ng kalsada. | |
| 5. Sinusunod ni Rico ang mga babala sa kalsada sa tuwing siya ay nagmamaneho ng kanyang motorsiklo. | |

| Karapatang Panlipunan | Karapatang Pangkabuhayan | Mga Kaakibat na Tungkulin |
|---|---|---|
| Karapatang pumili ng relihiyon | Karapatang pumili ng propesyon o hanapbuhay | Tungkulin sa bayan/bansa |
| Karapatang maglakbay | Karapatang makinabang sa mga likas na yaman | Tungkulin sa pamahalaan |
| Karapatan sa lihim na komunikasyon | Karapatang bayaran nang wasto sa pribadong ari-arian na ginamit ng pamahalaan. | Tungkulin sa iba/kapwa |
| | Karapatan sa edukasyon | Tungkulin sa sarili |
| | Karapatan sa pagmamay- ari | Tungkulin sa Diyos |

| IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Panuto:** Basahin mabuti ang mga pangungusap at piliin ang letra ng wastong kasagutan. Isulat ito sa sagutang papel. | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. B<br>2. C<br>3. D<br>4. B<br>5. A |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Pumipila si Sam sa botika bilang pagpapakita ng paggalang sa iba.<br>A. Tungkulin sa bansa<br>B. Tungkulin sa iba/kapwa<br>C. Tungkulin sa pamahalaan<br>D. Tungkulin sa sarili<br>2. Nakikiisa si Elizabeth sa *clean and green program* ng kanilang barangay.<br>A. Tungkulin sa bansa<br>B. Tungkulin sa Diyos<br>C. Tungkulin sa pamahalaan<br>D. Tungkulin sa sarili<br>3. Nag-aaral ng mabuti si Wendell upang makapagtapos ng pag-aaral at makamit ang mga pangarap sa buhay.<br>A. Tungkulin sa bansa<br>B. Tungkulin sa iba/kapwa<br>C. Tungkulin sa pamahalaan<br>D. Tungkulin sa sarili<br>4. Hindi nakakalimutan ni Lileth ang magdasal upang magpasalamat sa mga biyayang natatanggap bago matulog.<br>A. Tungkulin sa bansa<br>B. Tungkulin sa Diyos<br>C. Tungkulin sa pamahalaan<br>D. Tungkulin sa sarili<br>5. Sina Dr. Jose Rizal at Andres Bonifacio ay nagpakita ng kabayanihan sa pamamagitan ng pagtatanggol sa ating bayan.<br>A. Tungkulin sa bansa<br>B. Tungkulin sa iba/kapwa<br>C. Tungkulin sa pamahalaan<br>D. Tungkulin sa sarili<br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>**Panuto:** Gumawa ng isang poster na nagpapakita ng mga karapatan mo bilang isang mag-aaral. Ipakita ang iyong nagawa sa iyong magulang o nakatatandang kapatid upang bigyan ng angkop na marka. | Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan na gumamit ng ibang pamamaraan upang mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral (Kontekstuwalisasyon). |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Rubrik sa paggawa ng poster</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>

| Puntos | Pamantayan |
|---|---|
| 4 | Napakahusay |
| 3 | Mahusay |

| | |
|---|---|
| 2 | May kulang ang detalye |
| 1 | Di malinaw ang detalye |